

MINIMUM WAGE SA BC

MGA KATOTOHAN

\$10.25

na sahod kada oras pinapanatili sa kahirapan ang maraming mga manggagawa sa BC. Sumali sa pakikipaglaban upang maitaas ang minimum wage ng BC sa

\$15

Mahigit nang dalawa't kalahating taon mula nang huling taasan ang minimum wage ng mga manggagawa sa BC. Ang minimum wage sa BC ay itinatakda sa isang ad hoc na batayan (o ayon sa nangyayari) na walang katiyakan ng regular na pagsusuri.

Ang minimum wage sa BC ay pang-walo sa Canada, nasa huli ng Ontario, Nunavut, Yukon, Manitoba, Nova Scotia, Quebec at Prince Edward Island sa kabila na ang BC ang may pinakamataas na gastos ng pamumuhay (cost of living) sa bansa ayon sa Statistics Canada.

May ilang mga manggagawa sa BC na hindi nagagarantiyahan ng kahit minimum wage man lang. Ang mga manggagawa sa taniman (farm workers) ay binabayaran ng bawat piraso o piece rate at ang mga liquor server ay binabayaran nang kasing-baba ng \$9 kada oras.

SINO LAMANG ANG MGA KUMIKITA NG MINIMUM?

Sa BC, 6.4 porsiyento lamang na mga manggagawa ang kumikita ng minimum wage. Ang mga ito ay binubuo ng 120,400 manggagawa.



Hindi lamang mga tinedyer ang sumusweldo ng minimum wage sa BC. Sa katunayan, 47 porsiyento ay nasa edad na 25 o mas matanda pa. Halos 10,000 ay lampas sa edad na 55.

Karamihan sa mga manggagawa na may mababang sahod ay kababaihan. Halos 2/3 (63 porsiyento) ng mga kumikita ng minimum wage ang mga babae.

Hindi lamang mga manggagawang baguhan sa trabaho ang kumikita ng minimum wage: 55 porsiyento ay namamasukan na sa kanilang mga trabaho nang hindi bababa sa isang taon.

Kahit na ang mga nakapagtapos ng karera sa BC ay nahihirapang humanap ng trabaho na may makatarungang sahod: 14 porsiyento ng mga manggagawang sumusweldo ng minimum wage ay nakapagtapos sa unibersidad.

At hindi lamang 'mom and pop shops' (o maliliit na mga pampamilyang negosyo) ang nagbabayad ng minimum wage: 46 porsiyento ay nagtatrabaho para sa mga tagapag-empleyo na may mahigit sa 500 empleyado.



BC Federation of Labour
November 2014
[Filipino]

FIGHT FOR 15

ITAAS ANG MINIMUM WAGE

ITO AY MAKATARUNGAN LAMANG



Hindi lamang mga manggagawang baguhan sa trabaho ang kumikita ng minimum wage:

Karamihan ay namamasukan na sa kanilang mga trabaho nang hindi bababa sa isang taon.

ANO ANG KABULUHAN NG \$15 PARA SA MGA MANGGAGAWA SA BC?

Ang pagtatrabaho ay sasagip sa iyo sa kahirapan.

Kapag nakamit ang \$15 na minimum wage, ipupwesto nito ang mga manggagawa ng BC sa itaas ng 10 porsiyentong cut-off ng Statistics Canada ng may maliliit na kita at mabibigyan sila ng makatarungang pagkakataon upang mapunan ang mga gastos sa mga pinakabatayang pangangailangan.

Makakatulong din itong hadlangan ang lumalalâng kalakaran ng hindi pagkakapantay-pantay ng kita sa probinsiya na may pinakamataas na gastos ng pamumuhay sa Canada.

Panahon na para itaas ng pamahalaan ng BC ang minimum wage upang sa gayon ay walang mga taong naiwan sa kahirapan.

Panahon na upang wakasán ang kahirapan na sanhi ng mababang sahod.

Tumulong na gawing \$15 ang minimum wage sa BC.

Sumali sa kampanyang fightfor15bc.ca

FIGHT FOR 15

Kasama mo ako

